


# PASASALAMAT AT PAGBABALITA

NI OBISPO REYNALDO DOMINGO

SEP 2019

**Mahal na tagapagtaguyod ng Missionary Training School (MTS):**

Maraming salamat sa inyo sa pagkakaloob ng mga gugulin sa paaralan at sa pagkain ng mga mag-aaral ng Missionary Training School.

Nagsimula po ang pag-aaral noong Agosto 20, 2019 at matatapos sa unang linggo ng Marso 2020. Ang bilang po ng mag-aaral ay 32. Ang 26 ay regular na estudyante na nakatira sa paaralan – ang paaralan ay ang kapilya ng IRMVille Community Church. Ang 6 ay mga irregular o sit-in na estudyante – sila ay hindi nakatira sa paaralan; sila ay taga-Bulacan at Metro Manila.

Ang mga regular na estudyante ay galing sa Mindanao (1), Aurora (2), Nueva Ecija (5), Isabela (1), Camarines Sur (3), Marinduque (2), Polillo Island (1), Cavite (1), Laguna (1), Nueva Vizcaya (1), Pampanga (2), Rizal (1), Bulacan (3), Metro Manila (2). Bawat isa sa kanila ay may higaang Uratex foam, ang mga babae ay mayroong sariling private room.

Ang pagsisimula ng MTS ay bunsod ng Banal na Espiritu at hindi ito plano ng aking isip. Ang mga pangyayari sa likod ng pagkakasimula nito ay ang sumusunod.

Sa mga idinaos kong seminar sa mga probinsya ng Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya, Aurora, Nueva Ecija, Tarlac, Pangasinan, Batangas, Cavite, Polillo Island, Laguna, Camarines Sur, Camarines Norte, Albay, Catanduanes, Sorsogon, Marinduque at Samar ay nakita at nalaman kong maraming mga pastor at deaconesa na nakadestino sa dalawa o tatlong kongregasyon o daughter churches. Noon ay nagsimula akong makaramdam ng habag sa maraming mga tao na nangangailangan ng mga sinanay na mga manggagawa. Sa pagbabasa ng Banal na Kasulatan, sa pananalangin, sa pagsubaybay sa mga balitang pambansa at pandaigdig ay patuloy ang pagbigat sa aking pagkatao ng pasanin na magsanay ng mga manggagawa (church workers) na inihanda ng Banal na Espiritu na makipagkaisa at kumilala sa Panginoong Jesu-Cristo. Mahigit isang taon kong taglay ang pasaning ito.

Noong hindi ko na matagalan ang pasanin ay sumangguni ako sa dalawang grupo ng mga leaders ng IRM upang malaman ang kanilang kaisipan tungkol dito. Una kong kinausap sina Pastor Roger Cruz – IRM National Mission Head, Sis. Julie Riano – IRM Foreign Mission Head, Deac. Mila Cortez-Santos – IRM Christian Education Head at Deac. Amor Ibañez, IRM Bible College President. Matapos ang isang buwan ay sinangguni ko ang IRM Council of Elders sa panahon ng isang regular na pagpupulong – ang dalawang grupong ito ng mga leaders ng IRM Evangelical Church ay kapwa nagpahayag ng pagsang-ayon.

Nagsimula akong magplano para sa Missionary Training School. Ang nakita kong pangunahing intindihin ay ang gugulin para sa dito. Puno ako ng pag-aalala (*anxieties*), ngunit ang Diyos na Siyang may nais na magkaroon ng MTS ay apat na ulit na ipinaunawa sa akin na sa Kaniya magmumula ang gugulin para dito. – Nakita ko at nakita ng mga mag-aaral at ng mga nakamasid sa paaralang ito ang katapatan ng Diyos sa Kaniyang pangako.

Sa araw na ito, ika-isang buwan ng paaralan ay mayroong sapat na natanggap para sa darating na buwan ng Oktubre. Papurihan natin ang ating Panginoon na tumutupad sa ipinangako ng Kaniyang Aklat:

**"And my God will supply all your needs according to the riches of His glory in Christ Jesus." Philippians 4:19**

**Bishop Reynaldo Domingo**

